

# 1

Davao City. Abala sa ginagawang paglilista si Ericka nang matigilan siya. Bigla ang pagpasok ng hindi maipaliwanag na kaba sa kanyang dibdib. Her heart was pounding against her ribs like a wild thing trying to escape.

Nanginginig ang kamay na nabitiwan niya ang hawak ng lapis.

“Ilista mo na rin d’yan ang table napkins. Malapit na ring maubos ang stock natin,” anang kanyang Tita Feliza na hindi napansin ang pagkatigagal niya.

Ngunit nang manatili siyang hindi kumikilos ay takang napatingin ito sa kanya.

“O, bakit natulala ka na d’yan, ha?” Kunot-noong lumapit ito sa tabi niya. “Aba’y namumutla ka, ah. Masama ba ang pakiramdam mo, Ericka?” nabahalang sabi nito.

“Ewan ko ho ba, Tita, bigla kasi akong kinabahan. Bigla ring pumasok sa isip ko si Eloise. Hindi ho kaya...” Bago pa niya matapos ang sasabihin ay biglang tumunog ang cellphone niya na nasa ibabaw ng mesa.

Kahit hindi niya tingnan ay parang nahuhulaan na niya kung sino ang nasa kabilang linya. Mabilis na dinampot niya iyon at sinagot.

“Ericka,” anang nanginginig at humihikbing kakambal niya sa kabilang linya.

“Eloise, bakit? Ano’ng nangyari?” aniyang napahigpit ang kapit sa hawak na phone.

“Oh, my God, Ericka!”

“Eloise, c’mon, tell me what’s wrong!” halos pasigaw na sambit niya.

Ngunit sa halip na sumagot ay patuloy lamang na umiiyak ito.

“P’wede bang huminahon ka, Eloise? Paano kita matutulungan kung hindi mo sasabihin sa akin ang problema mo?” Magkahalong pag-aalala at frustration ang nararamdaman niya.

“No!” pabiglang sambit nito. “Hindi mo ako puwedeng tulungan. You can’t! If you try, they’ll kill you, too.”

Nagtayuan lahat ang mga balahibo sa katawan niya dahil sa sinabing iyon ng kakambal. Even across the distance that separated them, ramdam na ramdam niya ang takot nito.

“What?” bulalas niya. “Are you telling me that someone’s trying to kill you?” Hintakot na napatingin siya sa nakikinig na tiyahin. Naroon ang labis na pagkabahala sa mukha nito.

“P-pinag-overtime kasi ako ni Dave. Pauwi na sana ako nang maisipan kong bumalik sa office. Hindi ko kasi sigurado kung nai-lock ko ang vault. And then I saw them!” puno ng takot ang tinig nito. “I-I tried to sneak out, pero nabunggo ko ang isang vase at nabasag. I ran but they saw me. At alam kong papatayin nila ako kapag nakita nila ako ngayon, Ericka.”

“My God, Eloise, you’re not making any sense. Sino ba’ng nakita mo at gustong pumatay sa ’yo?” frantic na tanong niya.

“I really can’t talk and explain to you right now. Hindi ako puwedeng magtagal pa dito sa bahay ko ngayon. Kailangang makaalis ako bago pa nila ako masundan.”

“Please, Eloise, ’wag ka munang magdesisyon ng kahit ano, okay? Hintayin mo ako at darating ako d’yan. I’ll take the next available flight—”

“No! You mustn’t come here!” masidhing pagtutol nito. “Hindi nila alam na may kakambal ako at kapag

nakita ka nila ay baka mapagkamalan ka nilang ako.”

“Pero, Eloise—”

“Please, promise me! Ayokong mapahamak ka.”

“All right, I promise. Look, Eloise, why don’t you just go to the police? Or better yet, umuwi ka na lang dito sa atin.”

“Wala na akong panahon para magsumbong sa mga pulis. Hindi rin ako puwedeng umuwi diyan. Tiyak na masusundan nila ako at ayokong madamay kayo. Tumawag lang ako para magpaalam na mawawala muna ako para magtago. I’ll call you again soon. Sige, kailangan ko nang umalis.”

“Pero saan ka pupunta? Sabihin mo muna—” Bago pa niya matapos ang sasabihin ay nawala na ang kausap. Mabilis na kinontak niya ang numero nito ngunit out of reach na iyon.

Napapikit siya nang mariin kasabay ng pagmumura sa isip.

“Ano daw ang problema ng kapatid mo, Ericka? At ano ’yung narinig ko na may gustong pumatay sa kanya?” usisa ng kanyang Tita Feliza.

“Ewan ko, Tita, hindi niya gaanong nilinaw sa akin ang lahat. Kailangan ko hong pumunta sa

Manila sa lalong madaling panahon. Kayo na muna ang bahala dito sa *Honeypot*.” Ang tinutukoy niya ay ang restaurant na pag-aari nila.

“Wag mo nang alalahanin itong restaurant. Ang kailangang isipin natin ngayon ay ang kapatid mo. Ang mabuti pa, eh, lumakad ka na at nang makakuha ka agad ng flight papuntang Manila.”

---

Sakay ng eroplano patungong Manila ay patuloy na nagre-replay sa isip ni Ericka ang mga sinabi ng kakambal na si Eloise.

Nananatiling nasa dibdib niya ang matinding takot at nakakatiyak siyang doble ang pangambang nararamdaman ng kakambal.

Siguro dahil identical twins sila kaya kahit malayo ay nakukutuban nila kung may problema ang isa. Kahit noong mga bata pa sila ay madalas iyong mangyari. Whether it was joy, pain, anxiety or sorrow, they always seemed to share the same feeling.

Ngunit kahit magkamukhang-magkamukha sila ay malaki ay ipinagkaiba ng mga personalidad nila.

Eloise had always been very impulsive, friendly and outgoing. For her twin, life should be embraced

with open arms. She, on the the other hand, had always tried to be more sensible, more cautious and more reserved. She enjoyed the tranquil and safe routine of her life.

Magkagayunpaman, malapit pa rin sila sa isa't isa. Hindi nakahadlang ang distansya sa pagitan nila. Mas ginusto nito ang manirahan at magtrabaho sa Maynila. Her twin's restless spirit and insatiable curiosity constantly demanded new horizons and new experiences.

Pinili niyang manatili na lamang sa Davao at pamahalaan ang negosyong minana nila sa yumaong mga magulang. Katuwang niya si Tita Feliza. Nagkikita lamang sila ng kakambal kapag nagbabakasyon ito sa Davao.

Mula nang sabay na pumanaw ang mga magulang nila dahil sa isang plane crash ay si Tita Feliza na ang nagsilbing guardian nilang magkapatid. Nakababatang kapatid ito ng kanilang ama. Nakagisnan na nilang magkapatid na sa kanila nakapisan ang tiyahin. Hindi na ito nakapag-asawa at mas pinili na lang na magpakatandang dalaga.

Sa edad nilang beinte seis ngayon ay madalas siyang tuksuhin ni Eloise na baka magmana raw siya sa Tita Feliza nila at maging isa ring old maid.

Kahit kailan kasi ay hindi naging madali sa kanya ang maging malapit sa lalaki. Isa lamang ang naging boyfriend niya at mula nang makipagkalas siya sa dating kasintahan ay hindi na siya sumubok na makipagrelasyon muli.

Kabaligtaran naman si Eloise. Teen-ager pa lang sila ay nakailang palit na ito ng boyfriend. Madali itong magkagusto ngunit madali rin itong nagsasawa sa mga lalaking nakakarelasyon.

Sa ngayon, ang pinakabagong target at pinagkakainteresan ng kakambal niya ay ang boss nitong si Dave Hidalgo.

Nakailang palit din ng trabaho si Eloise bago napasok bilang sekretarya sa *Global Imports*. Two years nang nagtatrabaho roon ang dalaga. Masasabing matagal na iyon para sa tulad nitong napakabilis magbago ng isip.

At hindi na siya nagtataka kung bakit. Sa halos dalawang taong nakalipas ay wala nang naging bukambibig si Eloise kundi ang pangalang Dave Hidalgo, ang CEO at tumatayong presidente ng nasabing kompanya.

Eloise talked about her boss as if he was the handsomest man to grace the planet. Dahil hindi

malihim na tao ay kaagad ding inamin sa kanya ng kakambal na espesyal ang damdamin nito para sa binatang amo.

Hindi niya alam kung gaano kalalim o kaseryoso ang damdamin nito para sa lalaki. But knowing Eloise, alam niyang hindi titigil ang kakambal hanggang hindi ito nagtatagumpay na maging boyfriend si Dave Hidalgo.

Pero ayon na rin sa huling pag-uusap nila ay mukhang napapansin at nagkakainteres na rin daw rito ang lalaki. Puno ng pag-asa at kasiyahan ang tinig ng dalaga habang ikinukuwento iyon. Malayo sa nanginginig at puno ng pangambang tinig nito kanina.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Umaasa siyang hindi talaga ganoon kaseryoso ang problemang nasuungan ng kakambal katulad ng sinasabi nito.

Eloise had a tendency to overreact at palakihin ang maliliit na problema.

---

Mag-a-alas-dos na ng madaling araw nang tuluyang sapitin ni Ericka ang apartment na tinutuluyan ni Eloise.



Dahil dis-oras ay napakatahimik ng buong paligid. Pipindutin niya na sana ang doorbell nang mapansing nakaawang ang gate. Dahan-dahang pumasok siya at isinara iyon.

“Eloise?” tawag niya kasabay ng pagkatok sa pinto.

Ngunit nakakailang katok na siya ay wala pa ring sumasagot sa loob ng bahay.

Mukhang itinuloy talaga nito ang planong pag-alis. Gusto niyang magalit sa kapatid dahil kahit kailan talaga ay mahilig itong gumawa ng padalosalos na desisyon. Pero mas lamang ang pag-aalala at awang nararamdaman niya para rito.

Kinuha niya sa traveling bag na dala ang duplicate ng susi ng bahay na ibinigay nito sa kanya. Nang mabuksan niya ang pinto ay kinapa niya at pinindot ang switch ng ilaw na nagbigay liwanag sa madilim na sala.

Hindi ngayon ang unang pagkakataon na nakapunta siya roon kaya kabisado na niya ang kabuuan ng bahay. Tuloy-tuloy na tinungo niya ang kuwarto nito. Sanay na siya sa pagiging burara ng kakambal ngunit ikinagulat pa rin niya ang nakitang gulo at kalat sa silid nito. That was enough evidence

that she left in a hurry.

Nakabukas ang closet nito at ang lahat ng drawers doon. Nagkalat sa kama at sahig ang ilang pirasong damit.

Nanlulumong napaupo siya sa kama. Napapagal ang kanyang buong katawan pero hindi siya makakapagpahinga hangga't hindi niya nalalaman kung nasaan ang kakambal. But the question was, where did Eloise go?

Hindi kaya humingi ng tulong si Eloise sa boss nito? Alam kaya ni Dave Hidalgo kung nasaan ngayon ang kapatid niya?

*But what if he was involved in whatever it was that Eloise had discovered?* napakunot-noong naisip niya.

Muli ay napahinga siya nang malalim. Sa ngayon ay wala siyang magagawa kundi ang maghintay ng umaga. Masyado nang late para tawagan at abalihin ang mga kaibigan ni Eloise. Ngunit bukas na bukas din ay pupunta siya sa *Global Imports* at aalamin kung ano talaga ang kinatatakutan doon ng kakambal niya.

## 2

“Good morning, Miss Martinez!”

Napatda sa gagawin sanang pagpasok ng gusali ng *Global Imports* si Ericka nang marinig ang pagbating iyon sa kanya ng security guard.

Ngayon niya naalala ang sinabi ni Eloise na walang nakakaalam na may kakambal ito. Tiyak na napagkamalan ng guard na siya ang kapatid.

Alanganin ang ngiting binati niya rin ito at tuloy-tuloy nang pumasok sa loob ng gusali.

Dahil na rin sa mga kuwento sa kanya ni Eloise, alam na niyang nasa ikasampung palapag ng gusali ang executive floor. Naroon din ang opisina nito bilang secretary ng big boss.

Nang marating niya ang tenth floor ay alanganin ang mga hakbang na hinanap niya ang opisina ni Dave Hidalgo. Humugot muna siya ng malalim na hininga bago dahan-dahang binuksan ang pinto.

Interesadong inilibot niya ang tingin sa kabuuan ang eleganteng opisina. Kaagad na humaplos ang lungkot at pag-aalala sa puso niya nang mapatingin sa

mesa ni Eloise. Kanina ay sinimulan niyang tawagan ang mga kaibigan nito ngunit lahat sila ay walang nalalaman kung nasaan ito ngayon.

Sa bandang kanan ay may isang nakapinid na pinto na nahihinuha niyang private office ni Dave Hidalgo. Nakakailang hakbang pa lamang siya patungo roon nang biglang bumukas ang pinto at lumabas ang isang matangkad na lalaki.

“At last, you finally showed up,” sarkastikong sabi nito nang makita siya. “Don’t you realize what time it is? You’re almost an hour late!”

Napaatras si Ericka. Obvious na pinagkamalan din siya nito na si Eloise.

“I’m sorry but I’m—”

“I’m sure you have a very good reason. But you could have at least informed me that you’d be running late. Kanina pa ako nandito, but all I accomplished was one lousy letter because the damned phones were ringing non-stop.”

*No wonder kung bakit ganoon na lamang ang paghanga ni Eloise sa lalaking ito, naisip niya habang pinagmamasdan ang iritadong lalaki.*

Not even the angry look on his face lessened

his appeal. Ang mga mata nito na yata ang pinakamagandang nakita niya. Matangos ang ilong nito at perpekto ang pagkakahugis ng mga labi, hindi gaanong makapal at hindi rin masyadong manipis. Tila kaysarap haplusin ng may kahabaang buhok nito na umaabot sa collar ng suot na business suit. His nice, athletic body fit his clothes well.

Ang mga kamay nito sa baywang ay nagbigay rito ng aroganteng dating. He radiated a masculinity that could probably make any woman tingle right down to her toes.

“Well, marami na tayong naaksayang oras and we both have work to do.” Ikinapiksi niya ang muling pagsasalita nito. “There’s a correspondence on your desk that needs to be done today. Pagkatapos mong magawa ang sulat na iyon ay pumunta ka sa opisina ko at meron pa akong ididikta sa ’yo.”

Ibinuka niya ang bibig upang itama ang maling akala ng lalaki at magpaliwanag sa dahilan ng pagpunta niya roon. Ngunit kaagad ding nagbago ang isip niya.

Dapat ba niyang pagkatiwalaan si Dave Hidalgo? Just because he was Eloise’s boss did not mean he was trustworthy.

Wala namang pagbabanta o anumang nakakatakot sa ikinikilos nito. At kahit pa nga iritado at galit ay hindi masasabing nakakatakot ang hitsura nito.

Still, hindi rin ibig sabihin ay wala itong kinalaman sa pagtatago ngayon ng kapatid niya. Maaaring isa ito sa 'sila' na binanggit sa kanya ni Eloise. Obviously, her sister did not turn to him for help. There must be a reason.

“Ano? Tatayo ka na lang ba d’yan buong maghapon?” Matigas ang tonong ginamit nito nang makitang hindi pa rin siya kumikilos. Puno ng impatience ang guwapo nitong mukha.

“I—” Napatingin siya sa computer na nasa mesa ni Eloise. Computer literate siya pero wala siyang nalalaman sa pagiging serkretarya. On a scale of one to ten, she believed her secretarial skills would be about negative two.

Ang lahat ng talento niya ay nasa pagluluto. Kaya nga kahit nakapagtapos siya ng kursong Business Management ay nag-enrol pa rin siya sa isang culinary school upang ma-develop ang hilig niya at sa ganoon ay lalong makatulong sa restaurant nila.

Pero kung kinakailangang mapanggap siyang magaling na sekretarya upang matulungan ang

kapatid ay nakahanda siyang gawin iyon.

Noong nasa high school pa lang sila ay madalas na silang magpanggap upang matulungan ang isa't isa. But in those days, they knew the same people. Hindi katulad ngayon na wala siyang kaide-ideya kung sino ang mga taong makakaharap niya.

*Then, I would have to bluff my way through this little deception, she thought.*

Napabuntong-hininga siya. Kailangan niyang maobserbahan ang mga tao sa kompanyang iyon.

“Yes, Sir. I’ll do it right away,” aniya na pilit na pinakaswal ang tinig.

Humakbang na siya patungo sa mesa at umupo. Dinampot niya ang mga papel na ipinatong doon ng lalaki at nagkunwaring pinag-aralan ang mga iyon.

Inakala niyang babalik na ito sa private office nito ngunit lumapit ito at tumayo sa harap ng mesa niya. Nang mag-angat siya ng paningin, nakita niyang mataman siyang pinagmamasdan nito.

“Anything else, Sir?” pormal na tanong niya.

“Yes. Tawagan mo si Wilma at sabihin mong gusto kong makausap si Raul,” bilin nito bago tumalikod at humakbang patungo sa pribadong opisina.

Lihim na inirapan niya ito. Bakit hindi nabanggit ni Eloise na masungit pala ang boss nito? And for a man who was supposed to be interested in her sister, he had a strange way of showing it. Or perhaps he was one of those persons who never mix business with pleasure. Either way, she felt sorry for her sister.

*Pero teka, sino naman kaya ang Wilma at Raul na binanggit nito?*

Iginala niya ang tingin sa mesa ng kapatid. Nakahinga siya nang maluwag nang makita ang listahan ng mga pangalan doon at ang mga numero ng extension lines.

Si Wilma ay secretary ni Raul Aguirre, ang head sa shipping department. Ibinigay niya ang mensahe ni Dave at pagkatapos ay sinimulan na niyang halungkat ang mga gamit sa mesa ng kakambal. Kagabi ay may nabanggit itong vault at doon niya balak umpisahan ang pag-iimbestiga.

Maaaring may kopya ang kapatid ng combination ng vault na iyon. The vault was probably inside Dave's office. Ayos lang iyon. He would leave eventually, and when he did, she would be ready.

Sampung minuto ang nakaraan at abala pa rin siya sa paghahalungkat sa drawers. Biglang bumukas



ang pinto ng opisina.

Gulat na napaangat ang tingin niya. Isang may edad na lalaki ang pumasok. Agad na kinabahan siya nang masalubong ang malamig at matigas na ekspresyon ng mga mata nito habang nakatitig sa kanya.

“Matapang ka rin ano, Eloise?” Nakakaloko ang ngiti sa labi nito na humakbang palapit sa kanya.

“A-ano’ng ibig n’yong sabihin?” Pinaghalong kaba at galit ang nararamdaman niya. Malakas ang hinala sa dibdib niya na isa ito sa mga taong kinatatakutan ng kakambal.

“To be honest, my dear, you surprise me. Hindi ko inaasahang makita pa ngayon dito. I was almost sure that you would—” Bago pa nito matapos ang sasabihin ay bumukas na ang pinto ng private office ni Dave.

“Eloise, tapos na ba ang sulat na pinapagawa ko? Kanina ko pa—” Napansin nito ang matandang lalaking naroroon kaya naputol ang ibang sasabihin. “Nandito ka na pala, Raul. There’s something important that I want to discuss with you.” Muli nitong ibinaling ang tingin sa kanya. “I need that letter on my desk soon.”

Napatango lamang siya.

Pagkapasok ng dalawang lalaki, sinimulan na niyang gawin ang sulat. Ngunit hindi siya mapakali. Maya't maya ay napapatingin siya sa nakapinid na pinto. Hindi siya mapapalagay hangga't naroroon ang Raul Aguirre na iyon.

Labinlimang minuto ang lumipas bago muling bumukas ang pinto ng pribadong opisina. Lumabas mula roon ang matandang lalaki. Tinapunan siya nito ng masamang tingin bago tuluyang umalis.

Marahas niyang pinakawalan ang pinipigil na paghinga. Pumasok siya sa opisina ni Dave at ibinigay rito ang sulat.

“Eloise, how long have you been my secretary?” maigting na tanong nito.

“W-why, Sir?” kinakabahang tanong niya.

“Nai-print mo lang naman sa ordinaryong papel itong sulat. May letterhead ang kompanya, if you remember. What's the matter with you? Are you sick or something?” May concern sa tinig nito.

“No, I-I'm so sorry, Sir. I guess I was too busy kaya hindi ko napansin,” nag-iinit ang pisnging paliwanag niya.

“Just reprint the letter, okay? And this time do it right.” Tumango siya at mabilis na lumabas ng opisina.

The day turned out to be one of the worst Ericka had ever endured. She was simply not cut out to be a secretary. Dahil nga nalilito at natataranta ay lalong napapalpak ang mga ginagawa niya na talagang ikinaubos ng pasensya ni Dave.

Gusto na niyang maiyak dahil sa nararamdamang pagkapahiya at frustration. Kung hindi lang niya iniisip si Eloise ay kanina pa siya nag-walk out. At dahil hindi umalis ang binata ay hindi rin niya magawang ituloy ang balak na pag-iimbestiga.

# 3

“Ouch!”

Dahil nakaawang ang pinto ng opisina ni Dave ay umabot sa pandinig niya ang pagdaing na iyon ng kanyang sekretarya.

Napailing siya. Saglit na inihinto niya ang ginagawa bago humakbang patungo sa pinto. Dahil nakatalikod sa kanya ang babae ay hindi nito napansing nakasandal siya sa hamba niyon.

Nakita niyang hinihipan nito ang isang daliri habang hawak sa isang kamay ang isang tasa ng umuusok na kape.

*There's something strange about her*, naisip niya habang pinagmamasdan ito. She had always performed her job as efficiently as a machine, but now, all at once, she was hopelessly inept.

Pamula pa kaninang umaga ay puro pagkakamali at kapalpakan ang nagawa nito. She jammed the copy machine, misplaced some important papers and worst of all, disconnected an important Japanese supplier.

It puzzled him. *What on earth is wrong with her?*

At ang isa pang ipinagtataka niya ay ang malaking pagbabago sa ugali nito. Noon, kahit ilang beses niya itong napagsasabihan ay ngumingiti lang ito at kung minsan ay nakukuha pang magbiro. Ngayon ay halos hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. Kanina ay halos maiyak ang babae nang masinghalan niya.

Bakit biglang-bigla ay naging maramdamin at mahiyain ito?

In the two years that Eloise had worked for him, he had never seen her so flustered. She was in fact a minx.

Hindi siya manhid upang hindi maramdaman ang interes na ipinapakita nito. Hindi iilang beses na nagpakita ito ng motibo. But he never encouraged the woman.

Though Eloise was beautiful, never had she aroused in him any feeling stronger than admiration—until today.

Habang marahang pinaglalandas ang tingin sa kabuuan nito, hindi niya maitanggi ang kakaibang atraksyon na nararamdaman niya ngayon para rito. Kung hindi lamang siya naiinis dahil sa mga kapalpakan nito ay baka hayagang napuri na niya ang bagong image ng dalaga. He preferred the soft,

feminine look she was portraying now.

Noon ay madalas na may pagka-daring at sexy ang mga isinusuot nito. Malayo ang kaibahan sa simpleng outfit nito ngayon na white cotton slacks and sky blue tank top with matching black cardigan.

Hindi pa rin siya makapaniwala na sa isang iglap ay kayang maapektuhan ng mga pagbabago nito ang damdamin niya.

Napatuwid siya sa pagkakatayo nang mapako ang tingin sa bandang ulunan nito. Dahil nakapusod ang buhok nito ay kitang-kita niya ang balat sa batok nito. Kaagad na naningkit ang mga mata niya. Hindi niya nakitaan ng balat sa batok si Eloise kahit kailan. And that woman made it a point to show off her lovely neck at every chance.

*Why, that little minx!* Hindi ito si Eloise Martinez na sekretarya niya kundi ang kakambal nito na si Ericka!

*You dope,* sita niya sa sarili. Dapat ay kanina pa niya na-realize ang bagay na iyon. ‘Sir’ ang itinawag nito sa kanya. Matagal na niyang binigyan ng permiso si Eloise na ‘Dave’ ang itawag sa kanya.

It explained everything now—the new look, her ineptitude and most of all, the strong attraction he

suddenly felt for her.

Akala niya kanina ay nababaliw na siya. Buong maghapon ay hindi niya mapigilan ang maging masyadong aware sa presensya ni Ericka. The whiff of her perfume sent his senses reeling and made his body throb. At sa tuwing magtatama ang mga paningin nila ay nakikita niyang napakaamo pala ng mga mata nito na dati ay hindi niya napapansin.

It was really strange. Eloise and Ericka were identical in looks, yet there were subtle differences. At hindi niya kayang ipaliwanag kung paanong ang dalawang babaeng may iisang mukha ay may kakayahang maghatid sa kanya ng magkaibang damdamin. Kailanman ay hindi niya naramdaman kay Eloise ang pagnanasang hagkan ang labi nito hanggang sa kapwa sila pangapusan ng hininga. Katulad ng gusto niyang gawin ngayon sa kapatid nito.

Hindi niya alam kung bakit nagpapanggap ang dalaga. Maaaring para sa magkapatid ay isa lamang laro ang lahat ng ito. Hindi niya alam kung maiinis o matatawa sa naisip.

The twins must have been pulling this stint on unsuspecting people, especially males, since they were in their teens.

*It Had To Be You - Jade Laurice*

---

*Well, Sweetheart, it's time you learn a lesson or two, naisip niya.*

Gumuhit ang isang pilyong ngiti sa mga labi niya. Dahan-dahan siyang humakbang palapit dito.

*And I'm just the man to teach you!*

---

Kamuntik nang mabitawan ni Ericka ang hawak na tasa nang mula sa kanyang likuran ay biglang yumakap ang matipunong mga bisig na iyon.

Her heart seemed to have jumped into her throat. Napahawak siya sa mga kamay na iyon na nakapulupot sa kanyang baywang. Nahugot niya ang paghinga nang maramdaman ang pagdampi ng mainit na pares ng labi sa gilid ng kanyang leeg.

“Relax, Sweetheart. It's just me.”

*And didn't she know it?* Si Dave Hidalgo lang marahil ang palalagpasin ni Eloise sa ganoong kapusukan. Tumayo ang mga balahibo niya sa batok nang marinig ang malambing na boses nito. Malayo iyon sa iritadong tinig na ginagamit nito kanina.

“S-Sir?” Sunod-sunod ang pagtahip ng dibdib niya habang pilit na kumakawala sa pagkakayakap nito.



“C’mon, relax. It’s after office hours, we can drop the boss-secretary routine,” anito na kinuha sa kamay niya ang tasa at nang mailapag iyon sa mesa ay muli siyang niyakap nang mahigpit.

Napapikit siya nang muling maglakbay ang mga labi nito sa leeg niya at gumawa pa ng mumunting kagat doon.

My God! She did not bargain for this. Bakit hindi sinabi ni Eloise na may relasyon na pala ito sa lalaki? Nagpa-panic na siya sa nangyayari.

“P-pero... b-baka may makakita sa atin,” nag-iinit ang pisnging protesta niya. Pilit niyang inilalayo ang sarili rito.

“So what? Everyone here knows about us.”

Napalunok siya. Paano ba niya ito sasawayin nang hindi siya mabubuko sa pagpapanggap na ginagawa niya?

“P-pero kahit na. I don’t think we should be doing this.” Nagpahinuhod ang binata.

“So are you ready to go?” he casually asked.

“Go?” takang tanong ni Ericka.

“Don’t tell me nakalimutan mo na ang usapan

natin kahapon?” Nakangiti ito at masuyong hinawakan ang mukha niya. “We’re having dinner at my place tonight, remember?”

He was standing close, much too close. She could feel the heat from his body and smell his clean male scent.

Nagbaba siya ng tingin nang hindi makayanang salubungin ang nanunuot na titig nito. Beneath her half-closed lids, she could feel his sexy eyes glitter with disturbing warmth. Puno ng confidence ang nakaguhit na ngiti sa mga labi nito.

*Diyos ko! Ano’ng gagawin ko ngayon?*

“I... it slipped my mind,” aniyang pilit na ngumiti. “Sir, baka pwedeng sa ibang araw—”

“Sir?” Bahagyang nakataas ang isang kilay nito. Mabilis na pinutol ang tangka niyang pagtangga.

“I mean, Dave. Some other time perhaps. Marami pa kasi akong gagawin.” Itinuro niya ang mga tatapusin pang trabaho sa mesa niya.

“Nonsense. That can wait.” Kinuha ng binata ang shoulder bag niya na nasa mesa at iniabot iyon sa kanya.

“Pero...”

Pinutol ng mga labi nito ang iba pang sasabihin niya. His lips were warm and firm. And despite the fact that it only took a couple of seconds, the kiss was shockingly thorough.

Nang ilayo nito ang mukha ay napangiti pa ito habang pinaraan ng isang daliri ang nakaawang pa ring mga labi niya.

“C’mon, let’s go. I’m starving.” Hinawakan nito ang kamay niya at iginiya siya palabas ng opisina.

Tila robot na sumabay siya rito. Tuloy-tuloy na bumaba sila sa parking lot.

Kitang-kita niya ang pagtataka sa mukha ng security guard nang batiin sila nito. Napako ang atensyon nito sa kamay ni Dave na nakapaikot sa baywang niya.

Habang naglalakad sila patungo sa sasakyan ng ‘amo’ ay naramdaman niya na tila may nakamasid sa kanila. Naghatid iyon ng balisa sa kanyang loob. Iginala niya ang paningin at hindi na siya nagulat nang makita si Raul Aguirre na nakatayo sa tabi ng isang sasakyan sa di-kalayuan. Nakatutok ang matalim na tingin nito sa kanya.

Abot-abot ang kaba, kaagad siyang nagbawi ng tingin. Nang buksan ni Dave ang pinto ng passenger

seat ng kotse nito ay mabilis na pumasok siya sa loob ng sasakyan.

Habang tumatakbo ang sasakyan nila palabas ng parking lot ay muli siyang sumulyap sa puwesto ni Mr. Aguirre. Nakatayo pa rin doon ang matandang lalaki at nakasunod ang tingin sa kanila.

Nakahinga lang siya nang maluwag nang tuluyan silang makalayo.

“Bakit ba ang layu-layo mo sa akin?”

Gulat na napaligon siya sa katabing binata nang marinig ang sinabi nito.

Hinawakan nito ang kamay niya at hinila siya palapit sa tabi nito. He held her hand and placed it on his thigh, before gripping the steering wheel again.

“There. That’s better, isn’t it?” nakangiting bulong nito.

Tumango lang siya, nakatutok ang tingin sa unahan ng sasakyan. She tried to will away the flush that suffused her body like a warm tide. Tila nagririgodon ang puso niya dahil sa pagkakadikit ng mga katawan nila. Sa bawat galaw ng sasakyan ay lalong nadadagdagan ang intimacy ng posisyon nila. Pakiramdam tuloy niya ay naririnig nito ang malakas

na pintig ng kanyang puso.

How on earth had she placed herself in such a mess? More importantly, how would she get herself out of it?

Ang tanging paraaan lang ay kung sasabihin na niya sa lalaki ang katotohanan. Pero hindi pa niya magagawa iyon. Not until she was positive that he was not involved in whatever was going on.

Sa sulok ng mga mata niya ay lihim na pinagmamasdan niya ang binata.

Mukhang wala itong alam sa problemang kinasuungan ng kakambal niya. O baka talagang magaling lang itong maglaro o umarte . Hinihintay lang nito marahil kung ano ang gagawing hakbang ni Eloise na inaakala nito bilang siya.

Napabuntong-hininga siya nang maalala ang kapatid. Her search was going nowhere. Kailangang masiguro niyang ligtas ito.

Pero paano? Tanging ang *Global Imports* at si Dave Hidalgo ang nagsisilbing lead niya.

Pumasok ang kotse sa parking lot ng isang condominium. Magkahalong relief at kaba ang naramdaman ni Ericka. Natutuwa siya na sa wakas

*It Had To Be You - Jade Laurice*

---

ay makakalayo na rin siya sa sweet torment na hatid ng pagkakadikit ng mga katawan nila ng guwapong binata. Pero natatakot siya sa maaaring mangyari kapag nasa loob na sila ng bahay nito.

Nasa fifteenth floor ang condo unit nito. Ipinalagay niya na nakarating na roon si Eloise kaya hindi niya ipinahalatang curious siya sa anyo ng unit. Nang isara nito ang pinto ay interesadong inilibot niya ang tingin sa paligid.

Ngunit bago pa niya iyon matapos, pabigla na siyang nakabig payakap ni Dave. Sa isang iglap ay sinisiil na siya nito ng halik sa mga labi.